BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 2 NO. 1 10.00 OCTOBER 2 - 8, 2023

## DOST: 'Handa Pilipinas' laban sa disaster, atbp.



Story on page 2

# Sen. Bong Go: Kailangan, sapat na badyet sa edukasyon



Mahalagang papel ang ginagampanan ng Commission on Higher Education (CHEd), state universities and colleges (SUCs) at ng Development of the Philippines (DAP) sa paghubog at pagpapalakas ng susunod na lider ng bansa.

Binigyang diin ito ni Senador Christopher 'Bong' Go sa mensahe niya sa ginanap na pagtatapos ng estudyante ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) campus sa Maragondon, Cavite kamakailan.

Nanindigan ang senador na saligang bato sa pag-unlad ng Pilipinas ang education.

Aniya: ""Education is the cornerstone of our nation's progress. I stand firmly behind the proposed budgets for CHEd, DAP, and SUCs as they are instrumental in shaping our future leaders."

Dagdag pa niya, matibay na investment o puhunan ang pagkakamit ng isang de-kalidad na edukasyon.

Kaugnay nito, ikinatuwa ni Maragondon Mayor Umbe Arca ang malakas na suporta ng senador na isulong na mabigyan ng sapat na badyet para sa 2024 ang mithiin ng kabataang Filipino na makapagtamo ng mataas at mahusay na edukasyon.

*Sundan sa pahina 2*



VM Homer 'Saki' T. Saquilayan

# Happy World Teachers Day!

SA pagkakaisa at pagtutulungan, may magagawa tayo para sa kapakanan ng kapwa mamamayan.

Binigyang diin ito ni Imus City Vice Mayor Homer 'Saki' T, Saquilayan sa isang pagtitipon na nagbibigay karangalan at pagpapahalaga sa di-masusukat na sakripisyo at pagmamahal ng mga guro sa paghubog sa murang isip at katawan ng kabataaang Filipino, kasabay ng pagdiriwang ng World Teachers Day.

Masayang tinanggap ng mga guro ng Gen. Emilio Aguinaldo National High School principal sina VM Saquilayan at si Allen Atienza, chief of staff ni Imus city Rep. AJ Advincula.

Sa selebrasyon nanumpa sa harap ng bise alkalde ang mga opisyal ng SPTA at HPTA na sinundan ng Salo-Salo sa Bayanihan sa Proud GEANHS, kantahan at masayang kuwentuhan.

Mabuhay ang mga samahan ng mga magulang at guro sa lungsod ng Imus, sa buong bansa at sa buong mundo.

Happy World Teachers Day! **/DBC**

*(Makikita ang mga larawan sa p.8)*


## Attention: I ACT, Jasper Bus Co.

REVANZE




## Happy celebrations to all October born!

Sa Ganang Akin



## Isabatas na ang PNP re-organization bill

Police Matters



## Bagong binhi ng palay, sagot sa tag-gutom

MAKIKI-RAAN PO!



# Sen. Bong Go...

*Mula sa pahina 1*









Wika ng alkalde, isang matibay na kasangkapan ang pagtatamo ng mataas na uri ng edukasyon sa pagbangon mula sa kahirapan.

Aniya pa, totoo ang kasabihan na isang natatanging kayamanan na hindi mawawala sa isang kabataan ang magkapagtapos ng pag-aaral.

"Iba siyempre ang may natapos, mas lamang ang may alam," sabi ni Mayor Arca. "Kaya isa sa priority natin dito ay mabigyan ng maayos at mabuting edukasyon ang ating mga kabataan."

Noong nakaraang Brigada Eskwela, pinangunahan ni Mayor Arca ang pagbibigay ng mga gamit sa pag-aaral ng mga batang estudyante sa paaralang elementarya at haiskul sa Maragondon.

Malimit din na nagbibigay ng makabagong libro, bag, papel na sulatan, at mga suportang pagkain at bitamina at suplemento sa kalusugan ng katawan at isip ang pamahalaang lokal sa pamumuno ni Mayor Arca.

Sinusuportahan niya, sabi ng alkalde ang adbokasiya ni Sen. Go na mapalakas at maisulong ang de-kalidad sa bansa.

Binanggit ng senador na isinusulong niya ang pagpasa ng Senate Bill (SB) 1359 o "No Permit, No Exam Prohibition Act."

Parurusahan ang paaralang magbabawal sa estudyante na kumuha ng eksamen dahil sa kabiguang magbayad ng tuition o iba pang bayarin sa pag-aaral.

Umaasa si Sen. Go na maipapasa rin sa huling pagbasa ang SB 1864 o panukalang "Student Loan Payment Moratorium During Disasters and Emergencies Act."

Bukod sa edukasyon, matibay na itinataguyod ni Mayor Arca ang mga programa sa kalusugan, trabaho, kabuhayan at iba pang programa para sa kalusugan ng mga residente ng Maragondon. /**DOMZ B. CAOILE**

# DOST: 'Handa Pilipinas' laban sa disaster, atbp.

Inumpisahan ng Department of Science and Technology (DOST) noong Miyerkoles, Setyembre 4 sa Cagayan de Oro City ang tatlong araw na aktibidad sa layuning maihanda ang kanayunan laban sa disaster, kalamidad at palakasin ang pagkilos ng mga barangay sa pagliligtas ng buhay at ari-arian.

Tinawag ang okasyon na "Handa Pilipinas: Innovations in Disaster Risk Reduction and Management Exposition," layunin din ng DOST na maisangkot ang mga lokal na pamahalaan, mga mambabatas, mga pribado at samahang sibiko at iba pang kilusan na yakapin at humandang gamitin ang makabagong kaalaman ng siyensiya at teknolohiya para sa kaligtasan ng mamamayan at pamilyang Pilipino.

Sa kanyang talumpati, tinawag ni DOST secretary Dr. Renato U. Solidum Jr. ang okasyon na na "City of Golden Friendship" -- na kanyang itinulad ang katatagan ng Pilipino na tulad sa kawayan.

Aniya, ang kawayan ay buong-buo ang loob at tibay, nananatiling nakatayo laban sa hagupit ng bagyo, kalamidad at ng mga lakas na nais ito na maitumba.

"As we aim and

*Sundan sa pahina 7*











# Happy celebrations to all October born!



## Sa Ganang Akin

by Adela R. ZAMORA

MAY warning ang Civil Service Commission (CSC) at ang Anti-red Tape Authority (ARTA) sa mga opisyal at kawani ng gobyerno na mahaharap sa mga kasong administratibo kung maisumbong at mapatunayang masungit at nakasimganot habang nagseserbisyo sa inyong mga opisina at trabaho.

Lihim na nagasasagawa ngayon ang CSC at ARTA kaugnay ng mga reklamong natatanggap tungkol sa di-maayos na pagtanggap at pag-aasikaso sa mga taong may nilalakad o inaayos na obligasyon at transaksiyon sa mga opisina ng pamahalaan.

Ayon sa ARTA, tumatanggap ito ng reklamo o kaya ay papuri mula sa publiko tungkol sa nararanasang serbisyo mula sa mga empleyado ng gobyerno.

Sa ilalim ng Customer Service Satisfaction rating ng ARTA, maaaring maging dahilan ng suspensiyon o pagkatanggal sa trabaho ng isang tauhan ng gobyerno kung mapatunayang masungit at masimangot sa trabaho.

Kaya ang paalaala lagi ng CSC at ARTA sa mga opisyal at kawani ng pamahalaan: laging maging masigla, ngumiti at iwasang sumimangot.

Tandaan na kayo ang public servant at tungkuling maglingkod nang maayos at mabuti sa taumbayan.

Isang sakripisyo ang magserbisyo sa bayan.

@@@

Magandang buhay sa ma October born tulad ko na pasado 80-anyos na hanggang ngayon, umaasa pa rin na makukuha na ang SSS benefits na matagal ko nang kini-claim mula sa yumaong anak ko.

Nanawagan na ako sa management ng SSS, pero parang bingi sila, Senador Bong Revilla, pwede po bang humingi ng tulong nyo, kasi parang inuupuan lang ang kahilingan ko.

Belated happy birthday, last Sept. 25, kabayang Agimat, kung malakas-lakas pa ako, sana ay nadalaw kita para personal na batiin na sa edad mo, parang kaybata mo pa noong ikaw ay gobernador ng Cavite.

Nais kong batiin ng "More years, more success" kay Sir Jojit Cabarloc Jr. (Okt. 2) ang very successful businessman at may-ari ng GC Builders at iba pang kompanya, at ngayong buwan, bubuksan ang bagong

*Sundan sa p.6*



Jojit Cabarloc Jr.




Eli Taparan II



Emmanuel Maliksi

# Isabatas na ang PNP reorganization bill



## POLICE MATTERS

by Michael Silva

Long overdue. Ito ang pagsasalarawan nina DILG Secretary Benhur Abalos Jr. at Senator Bato dela Rosa sa Senate Bill 2449 na nagtatakda ng napapanahong reporma sa organisasyon ng Philippine National Police.

May sapat na pinaghuhugutan naman, sa totoo lang, itong sina SILG Abalos at Sen. Bato sapagkat taong 2013 pa sa ika-16 na Kongreso inihain ang panukalang PNP reorganization bill na siya sanang updated version ng 1998 PNP Reform and Reorganization Act subalit hanggang sa ngayon ay hindi pa lubos na naisasabatas.

Sa 40-pahinang sponsored bill ni Sen. Bato, nakasentro ang pagrereporma sa limang usapin na kanyang hinimay sa kanyang sponsorship speech. Sa limang ito, dalawa ang sinasabing dadaan sa butas ng karayom.

Una ay ang pagbibigay ng kapangyarihang mag-appoint ng mga provincial directors, city directors, chiefs of police sa Chief PNP upang maiwasan ang sinasabi ni Sen. Bato na "undue influence" ng mga politiko sa pagtatalaga ng mga commanders sa mga nasabing posisyon. Sa unang tingin, nais ipakahulugan ni Sen. Bato na dapat alisin na sa kamay ng mga governors at mayors ang kapangyarihan na mamili at mag approve ng mga aspiranteng PD, City Directors at Chief of Police at bahala na si Chief PNP at NAPOLCOM na mangasiwa dito.

Aba, kung "undue influence" lang din naman ang usapan, dapat siguro huwag lang sa mga local government executives ituon ang sisi. Isama na rin yung mga personaheng malakas ngumatngat sa tenga ni Presidente Bong Bong Marcos na nakikialam sa positioning sa mga opisyal ng PNP.

Ooops, wag muna mag-init ulo nyo Gob, Mayor, Congressman. Mismong si SILG ay silent sa isyu na ito pagdating sa mga press statements niya. Huwag naman sana makaapekto itong aspeto na ito sa enactment ng SB 2449.

Isa pang potential powder keg ay iyung probisyon sa SB 2449 na nagbibigay ng kapangyarihan sa PNP Chief, APC commanders, RD at PD na ipakulong o limitahan ang paglabas sa kampo o barracks ng mga pulis na nasasangkot sa krimen. While it is true na may clamor ang publiko na maging decisive at swift ang aksyon ng PNP sa mga tiwaling miyembro nito, hindi natin kailangang baliin o baluktutin ang Konstitusyon at ipilit ang confinement ng mga may kasong pulis nang hindi dumadaan sa due process masabi lang nating itinataguyod natin ang integridad ng organisasyon.

Bukod sa dalawang aspetong ito, masasabi nating timely and relevant ang iba pang reporma na gustong isabatas ng SB 2449.

Isa dito ay ang pormal na pagkilala ng batas sa mga ad hoc units at offices ng PNP na nilikha ng naturang organisasyon para maging angkop ang tugon ng PNP sa modernong problema sa peace and order and public safety concerns. Halimbawa dito ang limang Area Police Command o dati ay Directorate for Integrated Police Operations o DIPO na pinamumunuan ng isang 3-star general.

Dahil sa malawak ang operational scope ng APC sa problema ng insurgency at disaster response, tama lang na i-institutionalize ang yunit na ito upang, sa kabila ng iba pang dahilan, ay maisama na taon-taon ang hiwalay na budget ng APC sa General Appropriation Act at hindi na iasa sa pondo ng mga mobile force units ang operational fund ng APCs.

Idagdag pa rito iyung pormal na pag-upgrade sa status ng mga kadete ng PNP Academy upang maging kapantay ang estado ng mga ito sa mga kadete ng Philippine Military Academy -- ibig sabihin, considered na silang empleyado ng gobyerno, at siyempre yung inaantabayanang extension ng retirement age sa PNP mula 56 ay gagawin ng 57 tulad ng sa AFP at iba pang uniformed services.

Anupaman ang landas na tatahakin ng PNP reform and reorganizatiom efforts na ito, huwag sanang kalimutan ang marching order ni PBBM sa PNP, "that the application of mandate must be firmly grounded on moral principle, integrity, accountability, honesty, to ensure the continuity of public rapport and support from the public to the PNP."

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

HENRY E. CAOILE
*Founder*

DOMZ B. CAOILE
*Publisher*

ELI TAPARAN II
*Editorial Consultant*

ADELA R. ZAMORA
*Special Projects Director*

GENE TAPARAN TAN
*Chief of Reporters*

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Happy 65th Anniversary, SM!

SM lights up the sky with Super Blue Illumination

Signaling the start of SM's 65th celebration, key malls and iconic landmarks will bathe in a brilliant shade of blue starting October 1.

A sight to behold and an event to watch out for, the Super Blue Illumination is a captivating display of dazzling lights that signify SM's enduring legacy and commitment to bringing fun, awesome, and memorable malling experiences for over six decades.

Be mesmerized by the illuminating blue colors of SM Mall of Asia, SM City North Edsa, SM Aura. SM Megamall, SM Makati, SM Lanang. The SM MOA Globe, Mega Tower, Seaside Cube, Skyranch Tagaytay, Baguio Eye and Pampanga Eye./ **MIKAELA VIVA**










# Best wishes, Mabuhay!

Kudos to BantayBalita News Publishing Services and its editorial and staff on the completion of First Year of its publication.

On behalf of the Office of the Vice Mayor, I congratulate your media organization for its commendable work in bringing to our community important news and information on local and national government policies in this age of media.

Keep bringing to us the good stories and keep expanding your readership.

Best wishes, and Mabuhay! on your team.



**(Sgd.) Honorable HOMER 'SAKI' T. SAQUILAYAN**
**Vice Mayor and Presiding Officer,**
**Sangguniang Panlungsod, Imus City**

*Isang malugod na pagbati sa ika-unang anibersaryo ng pahayagang Bantay Balita! Sa loob ng isang taon, kayo ay nagsilbing tapat na tagapaghatid ng balita at tagapagbantay ng magandang balita sa Probinsya ng Cavite.*

*Binabati ko kayo sa inyong dedikasyon, propesyonalismo at malasakit sa komunidad.*



*Maligayang anibersaryo at patuloy sana kayong maging ilaw ng katotohanan at tagapaghatid ng mga impormasyon para sa kaalaman ng mga mamamayan!*

**PCOL ELEUTERIO M RICARDO JR**
**Officer-in-Charge, Cavite PPO**

# *Mabuhay, congratulations!*

*Happy One Year anniversary to the management and staff of one of the fastest weekly newspaper in Cavite --BantayBalita!*

*It's a great accomplishment that despite the pandemic and meager resources, you have made this so far.*

*Your sacrifices and industriousness have paid off, and we, your friend are proud of all that you've achieved,*

*Mabuhay, congratulatons!*



**(Sgd.) Mr. ROLLY TURICA**
**President/CEO**
**Trending Reading Reference**
**Educational Supply Trading**


# Mas maraming taon pa, BantayBalita!

*Congratulations sa pagsapit ng Unang Taong anibersaryo ng inyong weekly newspaper --BantayBalita.*

*Cheers at mainit na pagbati sa sipag, sakripisyo at buong sikap na sa loob ng 52 linggo, at patuloy, mahusay na nakapaghahatid kayo ng makabuluhang impormasyon, balita at opinyon na nagbibigay ng linaw sa mahahalagang isyung bayan.*

*Isa ito magandang okasyon na magdiwang at pag-asa sa mas marami pang taon ng patuloy na paglilingkod sa mamamayan sa larangan ng responsableng pamamahayag.*

*Mabuhay po ang buong patnugutan sa pagtataguyod ng malayang pamamahayag.*



**(Sgd,) Mr. JOSE ALEX MASBANO**
**Chief, Business Officer/Educator**
**Trending Reading Reference**
**Educational Supply Trading**

# *More success!*

The Camella Barcelona Phase 1 Home Owners Association (HOA) at Barangay Buhay na Tubig, Imus City conveys its sincere congratulations to the editors and staff of BantayBalita media organization as it marks its successful One Year foudation anniversary.



On your First Year, your paper has been playing an essential role in reporting on the public agenda around key developments in our province of Cavite, specially in the City of Imus.

Mabuhay, and we wish you more success in your future endeavors!

**(Sgd.) Ms. GENALYN D. NIERVA**
**President, Camella Barcelona Phase 1**
**HomeOwners Association (HOA)**

# More anniversary, mabuhay!

*On behalf of the Cavite Press Corps (CPC), I would like to express my ardent congratulations to the management and staff of BantayBalita News Publishing Services on the occasion to its First "Birthday."*

*For your immense contribution of providing reliable news and information on our local and national government policies, we at the CPC wish your media organization more anniversaries in time to come.*

*We salute you, mabuhay!*




**(Sgd.) ROSS CALDERON**
**President, CPC**

# Bagong binhi ng palay, sagot sa taggutom



MAKIKIRAAN PO!

ni Janet W. Bilbao

Food security ang target ni PBBM, lalo na ang masaganang ani ng palay -- na ang kakapusan ay nagtutulak, ayaw man o kusa, sa alagwang importasyon ng bigas.

Na gusto ni Finance Sec. Benjamin Diokno ay bawasan pa sa 10% ang taripa, kuno ay upang maibaba ang presyo ng bigas na hindi naman nangyayari.

Noong ang tatay ni PBBM ang pangulo, rice exporter tayo at dito sa ating rice institute nag-aral ang mga magsasaka sa Thailand, India, Vietnam, China at India.

Tayo ngayon ang biggest rice importer mula sa Asia, salamat sa magagaling nating economic managers, huh?

Nag-eexperimento tayo sa paglikha ng mga bagong breed o uri ng palay na pwede mabuhay at mag-ani, kahit lubog sa baha o kahit sa tigang na lupa.

Sabi sa press release ng gobyerno, pag nakalikha tayo ng isang all weather rice breed, maso-solve na ang kakapusan at mataas na presyo ng bigas, yeheeey.

Pero naunahan na tayo ng China na nakalikha ng kanilang "perennial grain of rice," na kahit anong panahon, kahit konting pagod, konting pataba, makapag-aani ng doble o triple ang magsasaka.

Alam kaya ni PBBM na ating agriculture secretary na itong Chinese perennial breed na palay ay kayang kaya ang walong sunod-sunod na pag-aani sa loob ng apat na taon, opo, at magagawa ito sa isang taniman lamang.

Binigyan ng China ng binhing ito ang Bangladesh, Uganda at iba pang bansa sa Africa.

Baka naman ex-President Digong Duterte ay mapakiusapan mo si BFF Xi Jinping na i-share sa atin ang uri ng binhi ng palay na ito sa atin.

O, baka pwede naman si Ate Sen. Imee Marcos e payuhan si bunsong kapatid na tawagan si Uncle Xi na mabigyan ng klase ng binhi ng palay na ito.

Ay, teka, baka magalit si Uncle Sam!

# Pause, Pose, at Post!

Oktubre na naman, ano ba ang naiiba para sa aking mga kasama?

Isa sa mahalagang pagdiriwang ngayong Oktubre 5 ay ang World Teachers' Day. Espesyal na araw ito na inilalaan upang bigyang halaga at parangalan ang mahalagang kontribusyon ng mga guro sa buong mundo.

Sa karamihang guro lalo na sa mga pampublikong paaralan, karaniwan nang masaksihan ang pagdiriwang ng World Teachers' Day sa pamamagitan ng pagbibigay ng bulaklak,regalo, sulat , plake at sertipiko.

Ang ilan naman ay nagsasagawa ng simpleng programa sa paaralan, panandaliang pagbibigay ng break sa pagtuturo, pamamasyal sa iba't ibang lugar kasama ang kanilang punong- guro, atbp.

Pero ang tanong: eto pa rin ba ang gusto ng ating nakararaming modernong Gurong Juan at Juana? Kung may pagpipiliiang ibang gawain sa pagdiriwang na inilaan para sa iyo, ano kaya ito?

Kung pagpupugay rin lang sa guro ang ibibigay, hindi kaya pwede ang maranasan din nila ang sumusunod kahit isang araw lang sa loob ng 24 oras:

1,Naka-off ang chat group sa lahat ng komunikasyon ukol sa paaralan at mga bata upang makapagpahinga ang isip at alalahanin ukol sa gawaing pampaaralan.

2. Mag-staycation at relaxation sa mga piling hotel at resort , mag- shopping para makapamili para sa sarili, makapagpa-body spa at magpamasahe, magpaparlor at magpaganda, magpunta sa workout gymn, manood ng sine. maging ito man ay libre o gastos mo.

3. Pwede rin naman ang nasa bahay ka lang na wala kang gagawin dahil espesyal na araw mo ito sa sarili mo.'Yung parang isa kang bisita, espesyal ka at iniistima,isinasaalang -alang ang kailangan at kaginhawaan mo sa bahay.

Mahalagang maibigay sa ating mga guro ang inaasam na 'Day Off'. Wala namang masamang mangarap. Malay mo, magkatotoo ito sa iyo, di ba? Ano ang Ipo-post mo sa FB, IG at Twitter mo?

Happy World Teachers' Day, mga Kaguro!



**GREGORIA S. ATAS**
**EPS-SGOD**
**DepEd, Cavite Province**

# 15th PAGSO Regional Conference

The Philippine Association of General Services Officers, Inc. - Cavite Chapter hosted the 15th Regional Conference of the Philippine Association of General Services Officers, Inc (PAGSO) held on September 27-29, 2023 at the Bayleaf Hotel, City of Gen. Trias.

This year's theme, "Consistency and Resiliency Amidst Adversity" set the tone for insightful discussions, engaging workshops, and networking opportunities.

The conference brought together over 200 attendees from the provinces of Region IV-A, fostering knowledge exchange and collaboration.

The conference's inauguration featured an inspiring keynote address of Gen. Trias City Vice Mayor Jonas Labuguen, on behalf of Mayor Luis "JonJon" Ferrer, emphasizing the critical role of general services officers in ensuring transparent and efficient public procurement.




Likewise, he encouraged attendees to harness innovation and best practices to meet the evolving needs of their respective provinces.

Topics covered in the conference included Quality Management, GSIS Insurance, PPE One-Time Cleansing, Disposal and PPE Inventory with Accounting System.

In closing, Ms. Paulita Maneja, PGSO-Batangas and PAGSO Region IV-A President expressed her gratitude to all the attendees for their dedication to continually supporting initiatives aimed at improving public service in the region./ **OPIO**

**EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF THE LATE SPOUSES MARCELA D.GULMATICO &ELPIDIO D. GULMATICO A.K.A JIMMY F. GULMATICO**

Notice is hereby Given that the estate of spouses **MARCELA D. GULMATICO And ELPIDIO F. GULMATICO A.K.A JEMMY F. GULMATICO,** Who both died intestate on January 9, 2019 and December 01, 2007 in California and Oregon, U.S.A Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-84916 of the Registry of Deeds for the province of Cavite, Situated in the Municipality of naic, Cavite ( 302 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs Executed before notary public atty. Roberto C. Bermejo under DOC. No. 142 Page No. 29 Book No. 5 Series of 2023 Notarized Date may:19, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 2, 9 & 16, 2023**

# Happy... *mula sa pahina 3*

gusali ng GC Technik Armoring sa Imus City.

But of course,"More loveÈ kay Kuya Banong Jr. (Guru Eli Taparan II, veteran editor-information officer at editorial consultant ng aming BantayBalita na nagdiriwang ngayon ng aming One Year Anniversary), at kahit 77 na ang edad, noong Oktubre 7, sige pa rin ang pagsusulat at pagiging "attorney" namin,

Siyempre, di ko malilimot na batiin ng "Happy life and love" si Imus City Mayor Emmanuel Maliksi, Okt. 12 (kahit hindi na siya alkalde, siyempre, mayor pa rin ang tawag natin sa kanya, kasi totoo namang naging isa sa progressive city ang Imus sa panunungkulan niya).

Babatiin ko rin ang sarili ko ng "Maligayang kaarawan" sa Okt. ___, hahaha hulaan na lang ng mga friends ko.

Mabuhay at masayang araw-araw sa ating lahat. (arzmedia777@yahoo.com)

# DOST: 'Handa Pilipinas'... *mula sa pahina 2*



aspire to grow our economy in Mindanao, then therefore, we need to protect our resources, our wealth through reducing climate and disaster risks," pahayag ni Solidum na idinugtong, "there is no such thing as natural disaster, only natural hazards."

Sa "Handa Pilipinas," ipinaliwanag ni Solidum na sa paggamit ng mga kaalaman ng siyensiya at teknolohiya, makakayang talunin ng Pilipino at magtagumpay laban sa natural na panganib na dala ng kalamidad ng kalikasan.

Magagamit ang mga bagong imbensiyon at mga pagbabagong nalikha ng mga siyentipiko at imbentor na Pilipino laban sa disaster, bagyo, lindol at iba pang hagupit ng kalikasan.

Binanggit ni Sec. Solidum ang imbensiyong "warning systems, satellite rainfall extremes, geo-risk Philippine initiative platforms," kasama ang " hazard hunter app,"

Aniya: "xxx the app won one of the seven being practiced globally, plans app ready to reveal – the first app in the world that is automated."

Sinuportahan ni Cagayan de Oro City 2nd District, Rep. Rufus B. Rodriguez ang 'Handa Pilipinas" na sinabi na ang aktibidad ng DOST ay matibay na patotoo sa di-matitinag na komitment sa pagtupad sa mandatong isulong ang siyensiya at makabagong teknolohiya sa paglikha ng isang matatag at malakas na bansa.

Sabi pa ni Rodriguez na tulad sa kawayan, laging nakababangon mula sa bigwas ng kalamidad ang siyudad ng Cagayan de Oro.

Sumaksi at sumuporta sa aktibidad sina DOST undersecretary for regional operations, Engr. Sancho Mabborang; Undersecretary Teodoro Gatchalian; Cagayan de Oro City 1st District Rep. Lordan G, Suan; DOST 10 regional director, Engr. Romela Ratilla.

Nasa okasyon din ang mga ipinadalang kinatawan nina Senate President Juan Miguel "Migz" Zubiri; Dept. of Interior and Local Government (DILG) Secretary Benjamin Abalos Jr.,Cagayan de Oro City Mayor Rolando "Klarex" Uy, Dinagat Islands Lone Rep. Alan B. Ecleo./**PAPI, Nelson Santos**

## DEED OF EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF THE ESTATE OF LATE HORACIO HOLGADO OCAMPO WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

Notice is hereby Given that the estate of the late **HORACIO HOLGADO OCAMPO** Who Died on September 29, 2019 at BRGY. Niogan, taal, Batangas that the said Deceased Left ( 4 ) parcels of Land Located at at Butong, taal, Batangas particularly described as follows. Title No. T-14785 (80) SQM. TITLE No. T-14786 (88) SQM. Title No. T- 14787 (80) SQM. Title No. T- 14788 (88) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Edwin M. Layug under DOC. No. 167 Page No. 34 Book No. ( III Series of 2022 Notarized Date: December 09, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS.

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **JULITA HOLGADO VDA. DE OCAMPO** Who Died on November 21, 2010 in BRGY. niogan, taal, Batangas, That Deceased person Left a parcel of Land with Building and improvement Situated in brgy. Niogan, taal, batangas, Described as follows. Tax Declaration of Real property No. 27- 0023-00063 ( 297 ) SQM. Tax Declaration of. Real property No. 27-0023-00064 Residential BLDG. With a floor area of ( 67.50 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before atty. Erwin M. Layug under DOC. No. 167 Page No. 34 Book No. ( III Series of 2022 Notarized Date: December 09, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **DOMINADOR C. OSIAS SR.** Who Died on June 21, 1981 and **JOSEFINA B. OSIAS** Who Died on November 05, 2017 Left a parcel of Land covered By Tax Declaration No, 96-006-0314 and covered By Original Certificate of TITLE No. P- 4334 of the Registry of Deeds of isabela, Situated at sitio San agustin, brgy. Dammao, Gamu, isabela Containing an area of 12, 2068 hectares, more or less, EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. isedro O. Gonzales under documentary No, 469 Page no. 92 Book no. 128Series of 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 2, 9 & 16, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPS. RUFINO ANGLO And EULALIA ANGLO

Notice is hereby Given that the estate of the late spouses **RUFINO A. ANGLO And EULALIA A. ANGLO,** Who Died on AUGUST 15, 1993 and October 5, 1983 in maragondon and Naic, cavite. Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-45898 Situated in Barrio of Caputatan, Municipality of Maragondon, Cavite ( 13,133 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs, Executed before notary public atty. Jose R. Bawalan, under DOC. No. 243 Page No. 49 Book No. II Series of 2023 Notarized Date February 14 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH DONATION

Notice is hereby Given that the estate of the late **BENJAMIN GARCIA FELIPE SR.** Who Died on November 18, 2011 and NORMA SALVADOR FELIPE Who Died on August 11, 2014 at Las piñas city Left a parcel of Land with improvement covered By transfer certificate title No. ( 422063 ) T- 15529-A Situated at Bo. Talon municipality of Las piñas ( 180 ) SQM. Extra JUDICIALLY SETTLED Among the Legal heirs. Executed before notary public atty. Jasper C. Sales under DOC. No. 40 Page No.9 Book No 14 Series of 2023 Notarized Date: September 21, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 25, OCTOBER 2 & 9, 2023**

## ERRATUM

THIS IS TO CORRECT THE ENTRY MADE ON EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION ESTATE OF JUANA SIERRA RAMOS WHICH IS PUBLISHED ON SEPTEMBER 11, 18 & 25 2023 BE CORRECT AND READ AS EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH PARTITION ( ESTATE OF JUANA SIERRA RAMOS ) WHO DIED ON AUGUST 11, 1989 AT INDANG CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND COVERED BY TAX DECLARATION NO.AA- 10-0014-01620 CONTAINING AN AREA OF ( 50, 929 ) SQM. MORE OR LESS LOCATED AT CALUMPANG LEJOS, INDANG, CAVITE COVERED BY LOT NO. 8510-B CAD - 459 SURVEY NO. CSD -04-014887-D EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG THE LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 491 PAGE NO. 99 BOOK NO. 185 SERIES OF 2023 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 8, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 02, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE DECEASED PERSONS: SPS. NERIO DIMAANO RONQUILLO SR. and ESTELITA LALAMUNAN RONQUILLO With Deed of Absolute sale

Notice is hereby Given that the estate of the DECEASED Spouses **NERIO DIMAANO RONQUILLO SR.** Who Died Last September 26, 1996 at Lipa city Batangas, and **ESTELITA LALAMUNAN RONQUILLO** Who Died Last December 17, 2021 at Lipa city Batangas Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No. T-85807 Situated in the BRGY. of Calingatan, Municipality of Mataas na kahoy, Batangas ( 225 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty Fe B. AÑONUEVO under DOC.No. 251Page No. 51Book No. 155Series of 2023 Notarized Date: August 21, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**SEPTEMBER 18, 25, OCTOBER 2, 2023**

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF INTESTATE ESTATE OF THE LATE JOSE F. TALON JR. AND ASUNCION A. TALON Among heirs with special power of Attorney.

Notice is hereby Given that the ESTATE of the late **JOSE F. TALON JR.** Who Died on March in October 05, 2012 at mie33 Canada, married to **ASUNCION A. TALON** who Died on January 21, 2019 at mie33, Canada Left a parcel of Land covered By transfer certificate of TITLE No T- 266 284 CM ) Situated in the Barrio of Sto.Cristo, Municipality of San Jose del monte, Bulacan, which is in herited from the late JOSE F. TALON JR. And ASUNCION A. TALON, ( 355.50 ) SQM. EXTRA JUDICIALLY SETTLED among the Legal heirs Executed before notary public atty. Cheryl D. Alsim, CPA under DOC. No 7819 Page no, 95 Book No XVI Series of 2023 Notarized Date September 25, 2023

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 2, 9 & 16, 2023**

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 2 NO. 1 10.00 OCTOBER 2 - 8, 2023

# Attention: I ACT, Jasper Bus Co.



REVANZE
by Domz B. CAOILE

BAKIT kung kailan rush hour, 'yung maraming commuters na may mahahalagang oras na hinahabol, mga appointment sa doktor, o mga karaniwang empleyado at estudyante saka busy ang ating traffic enforcers na manghuli.

Ups, let me be clear: hindi po ako kontra sa panghuhuli ng mga traffic laws violators, dapat lang na gawin nila ito, para maiwasan ang aksidente at mabawasan ang mga sasakyan walang karapatan sa kalsada na nagpapasikip sa sobrang masikip nating daloy ng trapiko.

Noong Hwebes, Okt. 5, naipit ang sinasakyan kong Jasper Bus may rutang Liwasang Bonifacio (Lawton) Cavite sa kanto ng Pres. Macapagal Avenue at ng MARINA office dahil sa nag-operate ang mga tauhan ng Inter Agency Council for Traffic (I ACT) at mga deputized personnel ng Philippine Coast Guard (PCG.)

Kinabahan na ako, malamang na ma-late ako sa aking appointment sa mga doktor ko sa PGH para sa aking regular medical chekc-up, at marami sa kapwa ko pasahero ang nagpakita ng malaking pagkabuwiset.

Maaga na nga kaming umalis ng bahay at nag-commute para sa aming mga personal na lakad, eto at napipigil sa gawa ng pagsita ng I ACT enforcers.

Nakita ko, maraming itinatanong ang enforcer sa kundoktor at driver, kung ano-ano ang itinatanong kaya naengganyo na ako na makiusyoso at dahil na rin sa trabaho natin sa media.

Sabi ng I ACT enforcer, maraming violation ang kundoktor at driver ng Jasper: out of line o wala ito sa ruta, kasi dapat itong bus ay hanggang PITX terminal sa Paranaque City at hindi dapat bumiyage hanggang Lawton.

Sabi pa, expired na raw ang prangkisa o permit to operate ng Jasper at sabi pa, disregarding of traffic sign ang driver kasi, nagbababa ng pasahero sa bawal na lugar.

Tama naman, pero teka, napansin ko, ang traffic citation ticket sa mga paglabag sa trapiko, ang isinulatlang ay "Disregarding Traffic Sign?

Bakit hindi tinikitan sa violation na "Out of Line," at "Expired Franchise?"

Ibig bang sabihin, ang driver at kundoktor lang ang magmumulta, hindi ang Jasper Bus owner at operator, at hindi totoo na expired ang prangkisa nito, at hindi rin totoo ang sinasabing violation na 'Out of Line?"

Kasi, maraming ulit na akong bumibiyahe na sakay ng Jasper Bus at wala namang sumisitang I ACT enforcer sa pagbiyahe namin papunta at pauwi ng Cavite na biyaheng Lawton.

Narinig ko ang sabi ng driver na hindi niya alam na expired na ang minamanehong Jasper bus at kung alam niya, hindi raw siya bibiyahe.

Pasinghal ang sagot ng ahente ng I ACT sa driver: 'E, bakit diyan ka nagtrabaho?"

Bakit ganoon ang maangas na sagot ng traffic enforcer, sa masisisi ba kung hindi ipinaalam sa driver ng bus dispatcher na expired ang ibibiyahe nitong Jasper Bus.

Nasabi namin sa sarili: Bakit sa dami ng sinabing violation, ang inilagay sa tiket ay 'Disregarding Traffic Sign' lang, kung totoo ngang expired ang prangkisa at out of line ang minaneho nitong bus.

Naawa ako ng driver dahil sa kanya mabubunton ang sisi sa violation at bukod sa malaking multa -- na malaking bawas sa kita niya para sa kanyang pamilya --, sa Quezon City pa siya pupunta para tubusin ang kanyang driver's license.

Karanasan na na kulang ang isang araw o inaabot, kung mamalasin ng ilang araw bago matubos ang natikitang lisensiya.

Sa mga araw na iyon, walang kita ang driver, tiyak mangungutang siya o ang kanyang misis (kung may-asawa) ng pambili ng bigas at ulam, ay kaylaking perwisyo.

Paano ang bus company, hindi tinikitan kahit, sabi ng ahente ng I ACT ay expired franchise at out of line?

Dahil hindi tinikitan ang bus, tuloy ang biyahe nito balikang Cavite-Lawton?

Teka, paano ang mga katulad ko -- mabuti nakaabot ako sa aking doctor's appointment -- at ibang pasahero na naabala sa pagsita sa rush hour na nagmamadali sa pagpunta sa school, opisina at kung saan pa?

Laking perwisyo ito sa amin!

Kung totohanan ang nais nila na manghuli ng mga pasaway na bus company, madali namang gawin na hindi maaabala ang mga tulad naming commuter.

Sa garahe ng Jasper Bus sila magpunta at imbestigahan kung may prangkisa at kung tama ang ruta nito na Cavite-Lawton.

Sa gayon, hindi na kami makasasakay sa bus na no franchise at out of line, at hindi kami maaabala sa aming pupuntahan.

Teka, sa management ng Jasper Bus Company, totoo na ang sabi ng I ACT na wala na kayong prangkisa at wala kayong rutang Cavite-Lawtor?

Para sa inyong komento, domzcaoile@yahoo.com

# Happy World Teachers Day!









